Allied Waste Services of Daly City

Community Newsletter (palibot-sulat pangkomunidad)

1680 Edgeworth Avenue,
Daly City, California, 94015

Presorted
Standard
U.S. Postage
PAID
Daly City, CA
Permit No.145

Para sa pagsasalin ng pahayagang ito, mangyaring bumisita sa
www.alliedwastedalycity.com/newsletter.cfm

♻ Ang balitang-liham na ito ay inilimbag sa papel na hindi kukulangin sa limampung porsiyento (50%) na niresaykel na nilalaman ng papel kabilang ang hindi kukulangin sa sampung porsiyento (10%) pagkatapos ng gumagamit na niresaykel na nilalaman ng papel.

Serbisyong Pang-Customer
(650) 756-1130
7:00 a.m.—5:00 p.m. bawat weekday
(Monday hanggang Friday).
Patalastas para sa Commercial (pangnegosyo), Residential (pangtahanan) Service at Recycling.

Serv-U-Debris Box Service (lalagyan ng mga pira-pirasong panapon)
(650) 756-1130

Mussel Rock Transfer Station (pinagsasamahan ng panapon)
Mon—Sat, 8:00 a.m.—5:00 p.m.
(650) 756-1130

Ox Mountain Landfill (tambakan ng panapon)
(650) 726-4718

Website
www.alliedwastedalycity.com

Recycleworks
Gamit-yaman para sa pagpigil ng pag-aksaya, recycling (paggamit muli ng panapon) at composting (paggawa ng lupa mula sa panapong nabubulok).
(888) 442-2666 www.recycleworks.org

Household Hazardous Waste (mga panapong mapanganib sa kalusugan)
Isinasagawa para sa buong county.
(650) 363-4718
www.smhealth.org/environ/toxic/hhw.html

Fall 2011

ALLIED WASTE SERVICES
A REPUBLIC SERVICES COMPANY

Allied Waste Services of Daly City
(Allied Waste Services ng Daly City)

Nasa issue na ito ng Today • Isang Magiliw na Paalaala • Paggawa ng Abono
Umorder ng Debris Box • Pagtapon ng mga Mapanganib ng Basura ng Bahay

Umorder ng Debris Box

para sa inyong Paglilinis ng Bahay!

Mayroon pa bang mas mabuting panahon upang simulan ang inyong proyektong pagremodelo o paglilinis ng bahay na matagal nang iniisip ninyo?

Ang Allied Waste ay makatutulong sa lahat ng inyong mga pangangailangan ng konstruksiyon at paggiba, mula sa paglilinis ng garahe o backyard hanggang sa malalaking pagremodelo. Tawagan kami ngayon upang makakuha ng magandang presyo sa mga kahon ng labi sa mga sukat na 8, 15 o 30 cubic yard. Kung tatawagan ninyo kami bago magtanghali, maghahatid kami sa kaparehong araw!

Ang pag-order ng Debris Box sa Allied Waste ay Madali! Bisitahin kami sa: www.alliedwastedalycity.com at kumpletuhin ang "Request for Quote" na order form. Ang isang kinatawan ng Allied Waste ay tatawag sa inyo bago lumampas ang 5:00 pm sa kaparehong araw upang magbigay sa inyo ng presyo at upang magtakda ng serbisyo. *
O maaari ninyong tawagan kami sa (650) 756-1130 upang makatanggap ng presyo sa telepono.
* Kung ang order ay isinumite pagkaraan ng 3:00 p.m. ng Biyernes, sa mga araw ng Sabado at Linggo o piyesta opisyal, ang isang kinatawan ng serbisyo sa parokyano ay tatawag sa inyo sa susunod na araw ng trabaho.

SERBISYONG **Debris BOX**



Mga Sukat at Mapipili sa Debris Box:

8 Cubic Yard ng Sisidlan ng Labi

(8' W x 12' L x 30" H; Huwag Sobrahan ang Laman)
Ang sisidlang ito ay idinisenyo para sa layunin ng pagtatapon ng mabibigat/makakapal na materyal tulad ng dumi, kongkreto at iba't ibang magkakadikit.
Walang mga Mapanganib na Materyal na ipinahihintulot.

15 Cubic Yard ng Sisidlan ng Labi

(8' W x 14' L x 4' H; 9 toneladang limitasyon sa timbang)
Ang sisidlang ito ay idinisenyo para sa layunin na itapon ang mga basura sa bahay, komersiyo at gusali.
Walang dumi, kongkreto, iba't ibang magkakadikit o Mga Mapanganib na Materyal na ipinahihintulot.

30 Cubic Yard na Sisidlan ng Labi

(8' W x 20' L x 6' H; 9 toneladang limitasyon sa timbang)
Ang sisidlang ito ay idinisenyo para sa layunin na itapon ang mga basura sa bahay, komersiyo at gusali.
Walang dumi, kongkreto, iba't ibang magkakadikit o Mga Mapanganib na Materyal na ipinahihintulot.

Ilang Magiliw na Paalaala

Pagdating sa paglalagay ng cart at pag-iimbak ang City of Daly City at Allied Waste Services ay gustong magpagunita sa mga residente ng mga sumusunod na iniaatas:

Mga Sisidlan - Paglalagay

Ang inaprobahang mga sisidlan ng basura at pagresaykel ay hindi maaaring patuloy na iwan sa harapan ng ari-arian maliban kung ang may-ari o nangungupahan ay walang ibang mga makatwirang mapipili. Ang mga sisidlang patuloy na iniiwan sa harapan ng ari-arian ay dapat ilagay nang malapit hangga't magagawa sa tirahan na pinaglilingkuran nito at dapat itago sa pamamagitan ng pagpapaganda ng lupa, isang hagdan, o panggayak na harang sa pinakamataas na antas na posible.

Mga Kalagayan na Nakagugulo sa Publiko

Nakagugulo sa publiko ang sinumang tao na may-ari, umuupa, umookupa ng anumang ari-arian sa loob ng lunsod na panatilihin ang naturang ari-arian sa isang paraan na ang alinman o higit sa mga sumusunod na kalagayan ay ipinasiyang naroon:

Mga lagayan ng basura, panapon, labi, mga sisidlan ng basura sa looban at mga sisidlan sa pagresaykel na nakalagak sa harapan o mga tagiliran ng looban at patuloy na nakikita mula sa mga pampublikong kalye o bangketa na iba sa ipinahihintulot ng mga Seksyon 8.12.140, 8.12.150 at 8.14.080 ng kodigo ng Lunsod.

Kung mayroon kayong mga katanungan na may kinalaman sa paglalagay ng cart, mangyaring tawagan ang Allied Waste sa (650) 756-1130 o, para sa mga katanungan sa Munisipal na Kodigo, tawagan ang City of Daly City sa (650) 991-8078.

Bisitahin ang www.alliedwastedalycity.com para sa mga detalye sa E-waste na gaganapin sa Daly City!

Interesado sa Paggawa ng Abono?

Ang RecycleWorks ay nag-aalay ng LIBRENG mga sanayan kung saan ang mga residente ng San Mateo County ay maaaring matuto ng tungkol sa:

- **MGA PARAAN NG ORGANIKONG PAGHAHALAMAN**
- **PAGGAWA NG ABONO SA PANLIKOD NA LOOBAN**
- **PAGGAWA NG ABONO MULA SA BULATE**

Habang ang mga sanayang ito ay ipinagkakaloob nang walang bayad, ang espasyo ay madaling mapuno kaya tumawag o pumunta online ngayon upang gumawa ng reserbasyon upang makadalo!

Ang mga sanayan ay ipinagkakaloob sa mga kalapit na lunsod, kabilang ang South San Francisco, San Bruno, Pacifica at San Mateo.

Upang makatanggap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga lugar at petsa mangyaring tumawag sa (888) 442-2666 o magpadala ng email sa info@RecyleWorks.org.



May mga Mapanganib ng Basura ng Bahay?

Ang mga Mapanganib na Basura ng Bahay ay hindi dapat ibuhos o i-flush sa paagusan at hindi rin dapat ilagay ang mga sisidlang may laman pa sa mga cart ng basura o pagresaykel. Ang mapanganib na basura, kabilang ang mga kemikal na pambahay, pangsasakyan at panghalaman ay dapat iproseso ng isang espesyal na pasilidad. Ang paggawa ng tamang bagay ay nagpoprotekta sa kapaligiran at humahadlang sa mapanganib na basura na dumihan ang ating hangin at mga daanan ng tubig.

Ito ay ginagawa ng Environmental Health of San Mateo County na maginhawa para sa mga residente sa pamamagitan ng pag-aalay na buong-taon, walang bayad, na lugar na bagsakan sa buong county.

Ang mga residente ay maaaring magbagsak ng antifreeze, mga baterya ng sasakyan, mga suplay sa paglilinis at languyan, mga thinner, barnis, mga pinturang langis at latex at makakakuha ng karagdagang impormasyon at magpatakda ng appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa (650) 363-4718 o online sa: events.smhealth.org/events/

Ang pintura, mga baterya, thermostat, at ibang mga mapanganib na gamit sa bahay, mga tubong fluorescent at Compact Fluorescent Lights (CFLs) ay dapat itapon nang wasto. Ang CFLs ay maaaring ilagay sa inyong asul na cart ng pagresaykel sa isang Ziploc na uri ng bag upang iresaykel pero ang mga tubong fluorescent ay hindi maaaring ilagay. Para sa mga mapipiling pagtapon, mangyaring bisitahin ang: http://www.earth911.org o tumawag sa 1-800-CLEAN-UP.

Ang mga nagamit nang karayom (mga matatalas) ay itinuturing din na mapanganib na basura at dapat itapon nang wasto. Ang mga sumusunod na lugar na bagsakan ng matatalas na pagresaykel ay magagamit ng mga residente:

DALY CITY: 380 90th Street, Daly City
DALY CITY (Davita) DIALYSIS: 1498 Southgate Avenue, Daly City
SETON MEDICAL CENTER (Seton Hospital Members Only):
1500 Southgate Ave, 1800, 1900 and 1950 Sullivan Avenue, Daly City

Para sa kaligtasan ng ating mga parokyano at empleyado, hindi mahahakot ng Allied ang mga sumusunod na bagay:

- Mga sasakyang de-motor
- Mga labi ng konstruksiyon (dumi, bato, stucco, kongreto)
- Poison oak
- Mga Mapanganib na Basura (mga nakalalasong bagay, pintura, thinner)
- Mga motorsiklo
- Maiinit na abo
- Mga pangkomersiyong refrigerator
- Mga bahagi at baterya ng sasakyan
- Dumi ng hayop

Ang Mapanganib na Basura ay hindi tinatanggap sa mga nakatakdang paglilinis o mga regular na serbisyong paghakot.
Para sa impormasyon tungkol sa kung paano itapon ang mga Mapanganib na Basura ng Bahay, tawagan po lamang ang San Mateo County sa: (650) 363-4718 o bisitahin ang: www.smhealth.org/hhw